### Maxwell McCombs at Donald Shaw

Ang pangmadlang media ang nagtatakda kung ano ang pag uusapan ng publiko.

### George Gerbner

Ang midya, lalo na ang telebisyon, ang tagapagsalaysay ng lipunan na lumilinang sa kaisipan ng mga madalas manood na ang mundo'y magulo at nakakatakot.

### Marshall McLuhan

Binabago ng midya ang simbolikong kapaligiran ng mga tao at naiimpluwensyahan nito ang kanilang pananaw, karanasan, ugali at kilos kung kaya't masasabing “ang midya ay ang mensahe”.

### Stuart Hall

Ang midya ang nagpapanatili sa idolohiya ng mga may hawak ng kapangyarihan sa lipunan.

### M.A.K Halliday

May pitong tungkulin ang wika:
•Instrumental
•Regulatoryo
•Interaksiyonal
•Personal
•Heuristiko
•Impormatibo
•Imahinatibo

### Roman Jakobson

May anim na paraan ng pagbabahagi ng wika ito ay ang:
•Pagpapahayag ng damdamin (Emotive)
•Panghihikayat (Conative)
•Pagsisimula ng pakikipag-ugnayan (Phatic)
•Paggamit bilang sanggunian (Referential)
•Paggamit ng kuro-kuro (Multilingual)
•Patalinghaga (Poetic)

### Sitwasyong Nagpapakita ng Gamit ng Wika sa Lipunan

1. **Paggawa o pagsulat ng liham** - liham pagkaibigan, liham pangangalakal, liham aplikasyon sa trabaho, liham patnugot at iba pa
2. **Pagsulat ng mga panitikan**
3. **Pagsulat at pag-ulat ng balita**
4. **Pakikipag-ugnayan sa ibang tao sa araw-araw**
5. **Pagpapahayag ng sariling kaisipan at damdamin**

### Batis (Sources) ng Impormasyon

- mga souces ng mga impormasyon na nakukuha ng mga nagbabasa at nakikinig. Ito ay mahalaga lalo na sa aspeto ng edukasyon at paggawa ng pormal na kasulatan.

**Mga Uri Ng Batis (Sources) Ng Impormasyon**

1. **Primaryang Batis** - Naglalaman ng mga impormasyon na galing mismo sa bagay o taong pinag-uusapan sa kasaysayan.
2. **Sekondaryang Batis** - Batayan ng impormasyon ay mula sa pangunahing batis ng kasaysayan.
3. **Pasalitang Kasaysayan** – Kasaysayan na sinambit ng bibig; Kasaysayang Lokal; Kasaysayan na nagmula sa ating lugar
4. **Nationalist Perspective** – Pagtingin o perspektiba na naaayon o mas pabor sa isang bansa.
5. **History from Below** - Naglalayong kumuwa ng kaalaman batay sa mga ordinaryong tao, binibigyang pansin nito ang kanilang mga karanasan at pananaw, kaibhan sa estereotipikong tradisyonal na pampulitikang kasaysayan at tumutuon sa gawa at aksyon ng mga dakilang tao

### Batis (Sources) ng Impormasyon (cont)

6. **Pantayong Pananaw** - Isang metodo ng pagkilala sa kasaysayan at kalinangang Pilipino na nakabatay sa “panloob na pagkakaugnay-uganay at pag-uugnay ng mga katangian, halagahin (values),kaalaman, karunungan, hangarin, kaugalian, pag-aasal at karanasan ng iisang kabuuang pangkalinangan—kabuuang nababalot sa, at ipinapahayag sa pamamagitan ng iisang wika
7. **Pangkaming Pananaw** - ang nagawa ng hanay ng mga Propagandista tulad nina Rizal, Luna atbp. bilang pamamaraan sa paglilinang ng kabihasnan natin. Ang kausap nila sakanilang mga nilalathala ay ang mga banyaga—partikular ang mga kolonyalistang Kastila.
8. **Pansilang Pananaw** - ipinagpapatuloy ng kasalukuyang mga antropologong Pilipino (sa nasyonalidad ngunit siguro hindi sa kultura at wika)

### Mga Hakbang Sa Pagpili Ng Batis Ng Impormasyon

❖ **Yugto 1: Panimulang Paghahanap**
Panimulang paghahanap ng kard katalog, sangguniang aklat, bibliograpi, indeks at hanguang elektroniko.
❖ **Yugto 2: Pagsusuri**
Pagsusuri ng kinasangkutan ng browsing, skimming at scanning ng mga aklat at artikulo at ng pagpili ng citation mula sa mga babasahin.
❖ **Yugto 3: Pagbabasa at Pagtatala**
Ang ikatlong yugto ay ang pagbabasa at pagtatala ng mga impormasyon o datos mula sa mga napiling sanggunian. Mahalagadito sa ikatlong yugto ang pagsasagwa at paghahanda ng mga tala ng impormasyon o datos.



Sponsored by **Readable.com**
Measure your website readability!
https://readable.com

## Pagbabasa

- pagkilala at pagkuha ng mga ideya at kaisipan sa mga nakalimbag na simbolo; proseso ng pag-unawa sa mga mensaheng nais ibahagi ng may akda sa babasa ng kanyang isinulat

• **Rubin at Bernhardt** – Ang pagbasa ay kompleks, daynamikong proseso ng pagdadala ngmensahe sa teksto at pagkuha ng kahulugan mula sa teksto. Ito ay integratibong proseso ng pagsasanaib ng apektibo, perseptwal at kognatibong domeyn.

• **Baltazar (1977)** – Ang pagbasa ay kasangkapan sa pagkatuto ng mga kabatiran ukol sa iba't ibang larangan ng pamumuhay. Sa katunayan, 90% sa napag-aralan ng tao ay mula sa kanyang karanasan sa pagbasa.

## Mga Layunin Ng Pagbabasa

1. Nagbabasa tayo upang maaliw.
2. Tumuklas ng mga bagong kaalaman at maimbak ito sa ating kaisipan.
3. Mabatid ang iba pang mga karanasan na kapupulutan ng aral.
4. Mapaglakbay ang ating diwa sa mga lugar na pinapangarap nating marating.
5. Mapag-aralan natin ang kultura ng ibang lahi at mabatid ang pagkakatulad at pagkakaiba nito sa kulturang ating kinagisnan.

## Mga Hakbang Ng Pagbasa

Si William S. Gray, ang tinaguriang Ama ng Pagbasa, ay naglahad ng apat (4) na hakbang sa pagbasa:

1. **Pagkilala** - Tumutukoy sa kakayahan ng bumabasa na mabigkas ang mga salitang tinutunghan at makilala ang mga sagisag ng isipang nakalimbag.

## Mga Hakbang Ng Pagbasa (cont)

2. **Pag-unawa** - Ang kakayahang bigyang kahulugan at interpretasyon ang kaisipang ipinapahayag ng mga simbolo ng mga salitang nakalimbag.
3. **Reaksyon** - Kakayahan ito ng mambabasa na maghatol o magsabi kung may kawastuhan at kahusayan ang pagkasulat ng teksto. Tumutukoy rin ito sa pagpapahalaga at pagdama na iniuukol ng mambabasa sa nilalaman ng kanyang binasang teksto.
4. **Asimilasyon at Integrasyon** - Kakayahan ito ng mambabasa na isabuhay ang natutuhang kaisipan sa binasa. Naiuugnay niya ang kasalukuyang karanasan sa nakaraan na tinalakay sa binasa.

## Tatlong Salik Ng Pagbasa

1. Uri ng Bokabularyo Talasalitaan (Kinds of Voc.)
2. Balangkas at istilo ng Pagpapahayag
3. Nilalaman o Paksa ng Binabasa (Content / Subject Matter)

## Mga Teorya Sa Pagbasa

1. **Teoryang Bottom- Up** – Batay sa "Teoryang stimulus response" ang sentro ng pagbasa ay ang teksto na kailangan munang maunawaan ng mambabasa bago siya makapagbigay ng kaukulang reaksyon o interpretasyon.
2. **Teoryang Top- Down** – Ang mambabasa ay nagiging isang aktibong partisipant sa pagbasa dahil sa taglay niyang "Stock Knowledge" o mga nakaimbak na kaalaman bunga ng kanyang mga karanasan. Ang daloy ng impormasyon sa teoryang ito ay nagsisimula sa itaas patungo sa ibaba na ang ibig sabihin, ang pag-unawa ay batay sa kabuuang kahulugan ng teksto.

## Mga Teorya Sa Pagbasa (cont)

Ang mambabasa ay gumagamit ng kanyang dating kaalaman (prior knowledge) at mga kaalaman (schema) na nabubuo na sa kanyang isipan batay sa kanyang mga karanasan at pananaw sa paligid. Nakabubuo siya ng mga palagay at hinuha at ito ay iniuugnay niya sa mga ideya na inilahad ng may-akda sa teksto.. 3. **Teoryang Interaktiv** – Learning is a two-way process. Hindi monopolyo ng mga mambabasa ang pag-unawa sa tekso. Ito ang kombinasyon ng teoryang bottom-up at topdown sapagkat ang proseso ng komprehensyon ay may dalawang direksyon (McCormick, 1998)

4. **Teoryang Iskema** – Tumutukoy sa teoryang ito sa kalayaan ng mambabasa na magbigay ng kahulugan sa teksto. Ang lahat ng ating naranasan at natutuhan ay nakaimbak sa ating isipan o memorya. Ito ay nagiging dating kaalaman (prior knowledge). Ito'y nakakaimpluwensya nang malaki sa pag-unawa kung ano ang alam na o hindi alam ng mambabasa. Ang dating kaalaman (iskema) ang unang kailangan sa pag-unawa sa binasa upang maunawaan ang binasang teksto.

## Iba't Ibang Pattern o Uri Ng Pagbasa

1. **Iskaning** – Uri ng pagbasa sa kung saan ang nagbabasa ay nagsasagawa ng paggalugad sa materyal na hawak tulad ng pagbasa sa mga susi na salita o key word, pamagat at sub-titles.
*Halimbawa*: Pagtingin sa diyaryo upang alamin kung nakapasa sa isang Board Examination; pagtingin ng winning number ng lotto; Pagbasa ng mga nilalaman (table of contents), index, classified ads at sa paghahanap ng numero ng isang taong nais makausap.
2. **Iskiming** – Ito ay pagsaklaw o mabilisang pagbasa upang makuha ang pangkalahatang ideya o impresyon, o kaya'y pagpili ng materyal na babasahin.



Sponsored by **Readable.com**
Measure your website readability!
https://readable.com

### Iba't Ibang Pattern o Uri Ng Pagbasa (cont)

Ito rin ay pagtingin o paghanap sa mahalagang impormasyon, na maaaring makatulong sa pangangailangan tulad ng term paper o pamanahong papel, riserts at iba pa. Ang gumagamit ng kasanayang ito ay pahapyaw na bumabasa ng mga pahiwatig sa seleksyon katulad ng pamagat at paksang pangungusap. Binabasa niya nang pahapyaw ang kabuuan ng seleksyon at nilalaktawan ang mga hindi kawili-wili sa kanya sa sandaling iyon.. 3. **Previewing** – Ang mambabasa ay hindi kaagad sa aklat o chapter. Sinusuri muna ang kabuuan at ang estilo at register ng wika ng sumulat.

4. **Kaswal** – Pagbasa ng pansamantala o di-palagian. Magaan ang pagbasa habang may inaantay o pampalipas ng oras.

5. **Pagbasang pang-impormasyon** – Ito'y pagbasang may layunin malaman ang impormasyon at pagbasang may hangarin na mapalawak ang kaalaman tulad ng pagbasa sa pahayagan kung may bagyo, sa hangarin malaman kung may pasok o wala.

6. **Matiim na pagbasa** – Nangangailangan ito ng maingat na pagbasa na may layuning maunawaang ganap ang binabasa para matugunan ang pangangailangan tulad ng report, riserts, at iba pa.

7. **Re-reading o muling pagbasa** – Paulit na binabasa kung ang binabasa ay mahirap unawain bunga ng mahirap na talasalitaan o pagkakabuo ng pahayag.

8. **Pagtatala** – Ito'y pagbasang may kasamang pagtatala, paghahighlight ng mga mahalagang kaisipan o ideya bilang pag-imbak ng impormasyon.

### KOMUNIKASYON

- Nagsimula sa salitang Latin na *communi atus* na ang ibig sabihin ay ibinabahagi.
- Ayon kay Wood (2004), ito ay prosesong "systemic" na kung saan ang bawat indibidwal ay nakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng mga simbolo upang makalikha at magbigay ng kahulugan.
- Isang proseso ang komunikasyon dahil ito ay tuloy-tuloy na nagaganap at patuloy na nagbabago
- Ginagamitan ng simbolo (salita, parirala, at imahe). Ang simbolo ay abstrakto, arbitraryo.
- Systemic ang komunikasyon (may pinagmulan, tagatanggap, at mensahe)

### Proseso ng Komunikasyon

Tagapagdala/ Pinanggagalingan → Midyum/ Tsanel (Mensahe) → Tagatanggap
Puna/ Reaksyon/ Sagot

### Tsanel ng Komunikasyon (Di-Berbal)

1. **Kinesics** - ang katawan at mukha ay may iba't ibang gamit sa komunikasyon
• Sagisag - thumbs up, peace sign, middle finger
• Tagapaglarawan - magturo, magbigay-diin o direksyon
• Pagkontrol ng Berbal na Interaksyon - pagtango, pagtaas ng kilay, pag-iling
• Pandamdam - pagngiti, pagngiwi, pagsimangot

2. **Proxemics** - ang espasyo o distansya ay nagpapahayag din ng mensahe. May apat itong uri na tumutukoy sa relasyong namamagitan sa mga taong nag-uusap
• Intimate - nakadait ang mga balat ng katawan hanggang 18 pulgada
• Personal - tumutukoy sa "comfort zone" o di nakikitang bula na bumabalot sa isang tao; may sukat na 18 pulgada hanggang 4 na piye
• Sosyal - mula 4 hanggang 12 piye ang layo

### Tsanel ng Komunikasyon (Di-Berbal) (cont)

• Pampubliko - mula 12 hanggang 25 piye

3. **Haptics** - ang paghipo ang pinakaprimitibong anyo ng komunikasyon at naghahatid ng iba't ibang mensahe tulad ng tapik sa balikat, yakap, sampal, kalabit, tsansing, atbp.
*Halimbawa*: Nang magkasalubong kayo ng nakasigawan mong kaklase sa klasrum ay tinapik ka niya sa balikat

4. **Artifacts** - ang mga bagay na gawa ng tao ay magagamit din sa komunikasyon gaya ng kulay o disenyo ng kasuotan, dekorasyon, alahas, atbp. na may sikolohikal na epekto.
*Halimbawa*: Naninilaw at walang paglagyan sa katawan ang mga gold (-plated) na alahas ng kasabay mo sa FX, bagamat nakamumurahing tsinelas lamang siya.

5. **Olfactory** - Ang pang-amoy ay nagdadala rin ng mensahe tulad ng paggamit ng pabango, pagkilala sa kasama o mahal, pag-alala sa nakaraan, atbp.
*Halimbawa*: Habang naglalakad sa mall kasama ang syota ay winisikan ka ng saleslady ng hawak nitong pabango, ganoong-ganoon ang gamit na cologne ng iyong ex

6. **Chronemics** - Ito ay may kinalaman sa komunikasyong tempral at kung papaano ginagamit ng tao ang oras at panahon; bawat kultura ay mayroong "social clock" kung kailan dapat manalangin, kumain, mag-asawa, atbp.
*Halimbawa*: Pang-tatlumpu't isa mo ng Valentines Days ngunit wala ka pa ring kasama para ipagdiwang ito, sa susunod na taon ay wala ka na sa kalendaryo

7. **Paralanguage** -
*Halimbawa*: Hindi kumikibo ang kagigising pa lang na ka-boarding house mo nang isoli mo ang kaniyang sepilyo matapos itong gamitin ng walang paalam.



Sponsored by **Readable.com**
Measure your website readability!
https://readable.com

## Layunin ng Komunikasyon

1. Pagtuklas o pagkilala sa sarili
2. Pagpapatatag ng relasyon sa kapwa
3. Pagtulong sa kapwa
4. Panghihikayat
5. Pagbibigay ng kaalaman o kabatiran
6. Pagpapahayag ng sarili
7. Pagpuna/ pagmulat

## Komprehensyon

- Pagbuo ng mga tulay na nag-uugnay sa dating kaalaman tungo sa bagong kaalaman
- Ugnayan ng teksto at kaalaman ng mambabasa
- Layunin ng pagtuturo ng pagbasa ang malinang sa mag-aaral ang pagbasang may pag-unawa o komprehensyon
- Kung walang pag-unawa ay walang pagbasang nagaganap.

## Pagtukoy sa Pangunahin at Kaugnay na Kaisipan

1. Basahin at suriin ang pamagat
2. Itala ang mahahalagang kaisipan na nabasa
3. Hanapin ang mga susing salita
4. Suriin at bigyan ng pag-uuri ang mga tala



Sponsored by **Readable.com**
Measure your website readability!
https://readable.com